



# Elektronikong Awtorisasyon sa Paglalakbay (Electronic Travel Authorization o eTA)

---

## Gabay sa Aplikasyon

Makakatulong sa iyo ang tatlong bahaging gabay na ito upang wastong masagutan ang iyong application form para sa Electronic Travel Authorization (eTA).

- **Unang bahagi**: para sa mga magulang/tagapag-alaga o kinatawan na tinutulungang mag-aplay ang ibang tao.
- **Ikalawang bahagi**: para sa lahat ng aplikante. Kung ano ang kailangan mong malaman upang wastong masagutan ang form. Kasama dito ang mga panuto para sa mga ligal na permanenteng residente ng United States.
- **Ikatlong bahagi**: Ano ang aasahan matapos mong isumite ang iyong aplikasyon.

Bago isumite ang iyong aplikasyon, i-review ito nang mabuti. Tiyaking kompleto at tumpak ito. **Ang paglalagay ng maling impormasyon ay maaaring humantong sa pagkaantala o hindi pagtanggap ng iyong eTA application, at/o paghadlang na makasakay ka sa iyong flight.**

## UNANG BAHAGI: Mga Detalye ng Magulang/Tagapag-alaga o Kinatawan

Kung hindi ka isang magulang/tagapag-alaga o kinatawan na nag-aaplay ng eTA para sa ibang tao, pumunta sa [Ikalawang bahagi](#) ng gabay na ito upang malaman kung paano sagutan ang form para sa iyong sarili.

Unang itatanong kung isa kang magulang/tagapag-alaga o isang kinatawan na nag-aaplay ng eTA sa ngalan ng ibang tao.

Ang kinatawan ay isang taong binigyan ng pahintulot ng taong nais maglakbay o mag-immigrate sa Canada na makipag-ugnayan sa Immigration, Refugees and Citizenship Canada (IRCC) sa kanilang ngalan. Maaaring binayaran o hindi ang kinatawan at kabilang din dito ang mga magulang o tagapag-alagang nag-aaplay sa ngalan ng isang menor de edad.

Para sa mga nagtalaga ng kinatawan, maaari din nilang pahintulutan ang IRCC na magbahagi sa taong iyon ng impormasyon mula sa kanilang case file. Sinasaklaw ng batas sa imigrasyon ng Canada ang mga kinatawan at itinatakda ang mga tuntunin ng kanilang serbisyo.

Piliin ang OO o HINDI sa mga sumusunod na field.

**Application for an Electronic Travel Authorization (eTA)**

Are you applying on behalf of someone? \*

Yes

Are you applying on behalf of a minor? \*

Yes

No

Français	Filipino
Demande d'autorisation de voyage électronique (AVE) Faites-vous une demande pour une autre personne? Faites-vous une demande au nom d'un enfant mineur?	Aplikasyon para sa Electronic Travel Authorization (eTA) Para sa ibang tao ba ang aplikasyong ito?  Para sa isang menor de edad ba ang aplikasyong ito?

## UNANG BAHAGI (A): Mga Detalye ng Magulang/Tagapag-alaga o Kinatawan.

Isinaad mo na para sa ibang tao ang aplikasyong ito. Sa bahaging ito, ilagay ang impormasyon tungkol sa iyong sarili.

**Parent/guardian or representative details**

I am

Are you being paid to represent the applicant and complete the form on their behalf?

Surname(s) / last name(s)

Given name(s) / first name(s)

Name of firm, organization

Mailing address

Telephone number

Fax number

Email address

**Representative's declaration**

I declare that my contact and personal information above is truthful, complete and correct.

I understand and accept that I am the person appointed by the applicant to conduct business on the applicant or sponsor's behalf with Immigration, Refugees and Citizenship Canada and the Canada Border Services Agency.

Pumili ng isa sa mga sumusunod na opsiyon.

**Isa akong:**

- Kapamilya o kaibigan
- Miyembro ng NGO o organisasyong panrelihiyon
- Miyembro ng College of Immigration and Citizenship Consultants (CICC)
- Miyembro ng isang law society sa lalawigan o teritoryo ng Canada
- Miyembro ng Chambre des notaires du Québec
- Travel agent

Français	Filipino
<p>Données personnelles du parent/tuteur ou du représentant Je suis Êtes-vous rémunéré pour représenter le demandeur et remplir le formulaire en son nom ? Nom(s) Prénom(s) Nom de l'entreprise ou de l'organisation Adresse postale Numéro de téléphone Numéro de télécopieur Adresse électronique Déclaration du représentant</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Je déclare que les coordonnées et les renseignements personnels que j'ai indiqués ci-dessus sont véridiques, complets et exacts.</li> <li>• Je comprends et j'accepte que je suis la personne désignée par le demandeur pour gérer ses interactions ou celles d'un répondant avec Immigration, Réfugiés et Citoyenneté Canada et l'Agence des services frontaliers du Canada.</li> </ul>	<p>Mga detalye ng magulang/tagapag-alaga o kinatawan Isa akong Binabayaran ka ba upang tumayong kinatawan at sagutan ang form ng aplikante?  (Mga) apelyido (Mga) pangalan Pangalan ng kompanya, organisasyon Mailing address Numero ng telepono Numero ng fax Email address Pahayag ng kinatawan</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Inihahayag ko na totoo, kompleto, at tama ang aking nakasaad na contact at personal na impormasyon.</li> <li>• Nauunawaan at tinatanggap ko na ako ang taong hinirang ng aplikante upang makipag-ugnayan sa Immigration, Refugees and Citizenship Canada at sa Canada Border Services Agency sa ngalan ng aplikante o sponsor.</li> </ul>

Matapos ilagay ang iyong impormasyon, pindutin ang SUSUNOD. Dadalhin ka nito sa bahagi ng form kung saan kailangan mong ilagay ang impormasyon tungkol sa iyong kinakatawang aplikante.

## IKALAWANG BAHAGI: Paano makompleto ang aplikasyon para sa Electronic Travel Authorization (eTA)

Kung nag-aaplay ka para sa iyong sarili, kailangang HINDI ang iyong isagot sa unang tanong.

Kung isa kang magulang/tagapag-alaga o kinatawan na nag-aaplay ng eTA para sa ibang tao, kailangang OO ang iyong isagot. Basahin din ang [Unang bahagi](#) ng gabay na ito.

Are you applying on behalf of someone? \*

Yes ▼

Are you applying on behalf of a minor? \*

▼

Yes  
No

Matapos pindutin ang SUSUNOD, darating ka sa bahagi ng form kung saan kailangan mong ilagay ang mga detalye tungkol sa aplikante (ikaw o ang taong iyong kinakatawan).

**Anong travel document ang balak mong gamitin sa pagpunta sa Canada?**

**Complete the application form**

Before you submit an application, review it carefully. Make sure it is complete and accurate.

Entering incorrect information could lead to a delay or even a refusal of an eTA application and/or prevent the applicant from boarding their flight.

This form is available in English and French only. To help you better understand this form, descriptions of each of the form fields are available in the following languages: [Arabic](#), [Bulgarian](#), [Chinese \(simplified\)](#), [Chinese \(traditional\)](#), [Dutch](#), [English](#), [French](#), [German](#), [Greek](#), [Hungarian](#), [Italian](#), [Japanese](#), [Korean](#), [Polish](#), [Portuguese](#), [Portuguese \(Brazilian\)](#), [Romanian](#), [Spanish](#).

\*What travel document do you plan to use to travel to Canada? *(required)* ?

Please select ▼

<b>Français</b>	<b>Filipino</b>
<p>Remplissez le formulaire de demande</p> <p>Vérifiez la demande avant de l'envoyer. Assurez-vous qu'elle est dûment remplie et que les renseignements sont exacts.</p> <p>Si les renseignements ne sont pas inscrits correctement, le demandeur pourrait ne pas recevoir son AVE à temps ou voir sa demande d'AVE refusée, ou encore il pourrait se voir interdire l'embarquement à bord de son vol.</p> <p>Ce formulaire est disponible en français et en anglais seulement. Pour vous aider à mieux comprendre le formulaire, les descriptions de chaque champ sont disponibles dans les langues suivantes : allemand, anglais, arabe, chinois simplifié, chinois traditionnel, coréen, espagnol, français, italien, japonais, et portugais.</p> <p>Quel document de voyage avez-vous l'intention d'utiliser pour venir au Canada?</p>	<p>Sagutan ang application form</p> <p>Bago isumite ang aplikasyon, i-review muna ito nang mabuti. Tiyaking kompleto at tumpak ito.</p> <p>Ang paglalagay ng maling impormasyon ay maaaring humantong sa pagkaantala o hindi pagtanggap sa eTA application, at/o paghadlang na makasakay ang aplikante sa kaniyang flight.</p> <p>Available lamang ang form na ito sa wikang Ingles at French. Upang matulungan kang mas maunawaan ang form na ito, available sa mga sumusunod na wika ang mga paglalarawan ng bawat field na nasa form: Arabic, Bulgarian, Chinese (simplified), Chinese (traditional), Dutch, English, French, German, Greek, Hungarian, Italian, Japanese, Korean, Polish, Portuguese, Portuguese (Brazilian), Romanian, Spanish.</p> <p>Anong travel document ang balak mong gamitin sa pagpunta sa Canada? (kailangang sagutan)</p>

**Mula sa mga sumusunod, piliin ang travel document na gagamitin mo para makapaglakbay papuntang Canada:**

**Passport - ordinary/regular**

Passport na iniisyu sa mga mamamayan para sa paminsan-minsang paglalakbay, tulad ng mga bakasyon at business trip.

**Passport – diplomatic**

Passport na iniisyu sa mga mamamayang may mataas na posisyon sa pamahalaan, mga diplomat, at mga kinatawan at delegado ng isang pamahalaan.

**Passport – official**

Passport na karaniwang iniisyu sa mga mamamayan, tulad ng mga hindi diplomatikong opisyal ng pamahalaan, na naglalakbay dahil sa opisyal na trabahong iniatas ng gobyerno.

Gamitin kung may nakalagay na 'official' sa front cover ng iyong passport.

**Passport – service**

Passport na karaniwang iniisyu sa mga mamamayan, tulad ng mga hindi diplomatikong opisyal ng pamahalaan, na naglalakbay dahil sa opisyal na trabahong iniatas ng gobyerno.

Gamitin kung may nakalagay na 'service' sa front cover ng iyong passport.

**Emergency/pansamantalang travel document**

Travel document o passport na iniisyu sa mga mamamayan sa mga kasong labis na kinakailangan pero hindi posibleng makapag-isyu ng pansamantalang passport. Kadalasang sandali lamang ang bisa ng mga ganitong dokumento.

**Travel document para sa refugee**

Travel document na iniisyu sa mga hindi mamamayan na may protected-person status, kabilang ang mga Convention refugee at mga taong nangangailangan ng proteksiyon. *Paunawa: hindi ka maaaring mag-aplay ng eTA gamit ang dokumentong ito. Maaaring kailanganin mo ng visa o iba pang uri ng travel document para makapunta sa Canada.*

**Alien passport/travel document na iniisyu sa mga hindi mamamayan**

Passport o travel document na iniisyu sa mga hindi mamamayan na permanente o pansamantalang nakatira sa bansang nag-isyu ng dokumento, ngunit *hindi* mamamayan ng bansang iyon. *Paunawa: hindi ka maaaring mag-aplay ng eTA gamit ang dokumentong ito. Maaaring kailanganin mo ng visa o iba pang uri ng travel document para makapunta sa Canada.*

**Pahintulot na muling makapasok sa United States (I-327)** Isang travel document na iniisyu ng United States (U.S.) Citizenship and Immigration Services sa mga ligal na permanenteng residente ng US upang payagan silang maglakbay sa ibang bansa at bumalik sa US nang hindi na kailangang kumuha ng returning resident visa.

**United States refugee travel document (I-571)** Isang travel document na iniisyu ng United States (U.S.) Citizenship and Immigration Services sa mga hindi mamamayan na kinilala bilang refugee o pinagkalooban ng asylum.



Français	Filipino
Que lest la nationalité indiquée sur ce passeport ?	Ano ang nasyonalidad na nakasaad sa passport na ito?
Voir <<Nationalité>> sur la page de renseignements de votre passeport.	Tingnan ang "Nasyonalidad" sa iyong passport information page

## MAHALAGA:

Kung mamamayan ka ng isang bansang nangangailangan ng visa, hindi ka maaaring mag-aplay ng eTA.

Based on your answers, you cannot apply for an eTA. You may [need a visa](#) or [other type of travel document](#) to travel to Canada.

Français	Filipino
Vos réponses indiquent que vous ne pouvez pas présenter de demande d'AVE. Il se pourrait que vous ayez besoin d'un visa ou d'un autre type de document de voyage pour venir au Canada.	Batay sa iyong mga sagot, hindi ka maaaring mag-aplay ng eTA. Maaaring kailangan mo ng visa o iba pang uri ng travel document para makapunta sa Canada.

*Mahalagang Impormasyon para sa mga Holder ng Israeli, Taiwanese, o Romanian Passport:*

### Para lamang sa mga mamamayan ng Israel.

Maaaring mag-aplay ng eTA ang mga aplikante na may hawak ng pambansang passport ng Israel. Bago ka magpatuloy sa iyong aplikasyon ng eTA, sagutan ang mga sumusunod na karagdagang tanong upang matukoy kung maaari ka bang mag-aplay.

\* Select the code that matches the one on your passport. *(required)* 

Find this code on your passport information page - see the field named "Code", "Issuing country", "Authority" or "Country code".

ISR (Israel)

\* For this trip, will you use a national Israeli passport? *(required)*

Please select



Français	Filipino
Pour ce voyage, utiliserez-vous un passeport national Israélien ?	Para sa biyaheng ito, gagamit ka ba ng pambansang passport ng Israel? <b>(kailangang sagutan)</b>

### Para lamang sa mga manlalakbay na Taiwanese.

Maaaring mag-aplay ng eTA ang mga aplikante na may hawak ng passport na inisyu ng Ministry of Foreign Affairs ng Taiwan. Bago ka magpatuloy sa iyong aplikasyon ng eTA, sagutan ang mga sumusunod na karagdagang tanong upang matukoy kung maaari ka bang mag-aplay. Kung magbibiyahe ka gamit ang passport na inisyu ng Ministry of Foreign Affairs ng Taiwan, ilagay ang iyong personal identification number na makikita sa iyong passport.

Which country issued your passport? ?

Select the country code that matches the one on your passport. Find this three letter code on your [passport information page](#) - see the field named "Code", "Issuing country" or "Authority".

TWN (Taiwan)

For this trip, will you use a passport issued by the Ministry of Foreign Affairs in Taiwan that includes your personal identification number?

Yes

Taiwan personal identification number ?

Taiwan personal identification number (re-enter)

You cannot copy and paste into this field.

Français	Filipino
<p>Quel pays a délivré votre passeport ?</p> <p>Sélectionnez le code du pays qui correspond à celui qui se trouve sur votre passeport. Vous trouverez les trois lettres de ce code sur la page de renseignements de votre passeport – voir le champ &lt;&lt;Code de pays&gt;&gt;, &lt;&lt;Pays de délivrance&gt;&gt; ou &lt;&lt;Autorité&gt;&gt;.</p> <p>Pour ce voyage, utiliserez-vous un passeport délivré par le ministère des Affaires étrangères à</p>	<p>Aling bansa ang nag-isyu ng iyong passport?</p> <p>Piliin ang country code na tumutugma sa nasa iyong passport. Hanapin ang code na ito na may tatlong letra sa iyong passport information page – tingnan ang field na may pangalang "Code", "Issuing country", o "Authority".</p> <p>Para sa biyaheng ito, gagamit ka ba ng passport na inisyu ng Ministry of Foreign Affairs ng</p>

Taiwan dans lequel figure votre numéro d'identification personnel ?	Taiwan na kalakip ang iyong personal identification number?
Numéro d'identification personnel Taiwanais	Taiwan personal identification number
Numéro d'identification personnel Taiwanais (inscrire à nouveau)	Taiwan personal identification number (muling ilagay)
Vous ne pouvez pas copier-coller dans ce champ.	Hindi ka maaaring kumopya at mag-paste sa field na ito.

### Para lamang sa mga manlalakbay na Romanian

Maaaring mag-aplay ng eTA ang mga aplikante na may hawak ng elektronikong passport ng Romania. Ang mga mamamayan ng Romania na may hawak ng di-elektronikong passport, tulad ng pansamantalang passport, ay kailangan ng temporary resident visa (TRV) upang pumunta o dumaan sa Canada. Bago ka magpatuloy sa iyong aplikasyon ng eTA, sagutan ang mga sumusunod na karagdagang tanong upang matukoy kung maaari ka bang mag-aplay.

\* Select the code that matches the one on your passport. *(required)* ?

Find this code on your passport information page - see the field named "Code", "Issuing country", "Authority" or "Country code".

ROU (Romania) ▼

\* Will you use an electronic passport for this trip? *(required)* ?

How can I tell if I have an [electronic passport](#)?

Please select ▼

Français	Filipino
Sélectionnez le code qui correspond à celui qui se trouve sur votre passeport. (requis)	Gagamit ka ba ng elektronikong passport para sa biyaheng ito? <b>(kailangang sagutan)</b>
Utilisez-vous un passeport électronique pour ce voyage ? (requis)	Paano ko malalaman kung mayroon akong elektronikong passport?

## IKALAWANG BAHAGI (A) Mga Tanong para sa mga Ligal na permanenteng residente ng United States

Mga ligal na permanenteng residente ng United States (mga US LPR) **lamang** ang dapat sumagot sa susunod na bahagi. Hindi na kinakailangang kumuha ng eTA ang mga ligal na permanenteng residente ng United States (U.S.) na may valid status.

Kung hindi ka US LPR, pumunta sa susunod na pahina upang ituloy ang iyong aplikasyon ng eTA.

\* What travel document do you plan to use to travel to Canada? (required) ?

Passport - ordinary/regular

\* Select the code that matches the one on your passport. (required) ?

Find this code on your passport information page - see the field named "Code", "Issuing country", "Authority" or "Country code".

AFG (Afghanistan)

\* Are you a lawful permanent resident of the United States with a valid U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS) number? (required)

Yes



As a lawful permanent resident of the United States (U.S.), **you do not need an electronic travel authorization (eTA)** to travel to Canada.

### Documents you'll need when you travel

#### Air travel

At check-in, you'll need to show airline staff proof of your valid status as a permanent resident of the U.S.

#### All methods of travel

When you arrive in Canada, a border services officer will ask to see your passport and proof of your valid status as a permanent resident of the U.S. or other documents.

#### When you travel, make sure to bring

- [proper identification document\(s\)](#), such as a valid passport from your country of nationality
- proof of your status as a permanent resident of the U.S., such as a valid green card (officially known as a permanent resident card)

Français	Filipino
<p>Êtes-vous un résident permanent légitime des Etats-Unis possédant un numéro de carte valide des Services de citoyenneté et d'immigration des Etats-Unis (USCIS)?</p> <p>En tant que résident permanent légitime des Etats-Unis, vous n'avez pas besoin d'une autorisation de voyage électronique (AVE) pour voyager au Canada.</p> <p><b>Documents dont vous aurez besoin lorsque vous voyagez</b></p> <p><b>Voyages aériens</b> Au moment de l'enregistrement, vous devrez présenter une preuve de votre statut valide de</p>	<p>Isa ka bang ligal na permanenteng residente ng United States na may valid na U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS) number? (kailangang sagutan)</p> <p>Bilang isang ligal na permanenteng residente ng United States (U.S.), <b>hindi mo kailangan ng electronic travel authorization (eTA)</b> upang pumunta sa Canada.</p> <p><b>Mga dokumentong kakailanganin mo sa pagbiyahe</b></p> <p><b>Sakay ng eroplano</b> Sa check-in, kailangan mong ipakita sa mga</p>

<p>résident permanent des Etats-Unis au personnel du transporteur aériens.</p>	<p>airline staff ang patunay ng iyong valid status bilang permanenteng residente ng U.S.</p>
<p><b>Tous les modes de transport</b>  À votre arrivée au Canada, un agent des services frontalier vous demandera de lui montrer votre passeport ainsi qu’une preuve de votre statut valide de résident permanent des Etats-Unis ou d’autres document.</p>	<p><b>Sa lahat ng paraan ng paglalakbay</b>  Pagdating mo sa Canada, hihilingin ng border services officer na makita ang iyong passport at patunay ng iyong valid status bilang permanenteng residente ng U.S. o iba pang dokumento.</p>
<p><b>Lorsque vous voyagez, assurez-vous d’apporter les documents suivants:</b>  - des pièces d’identité appropriées, comme un passeport valide de votre pays d’origine   - une preuve de votre statut de résident permanent des Etats-Unis, comme un carte verte valide (appelé officiellement une carte de résident permanent).</p>	<p><b>Kapag naglalakbay, siguraduhing dala ang</b>  - (mga) wastong dokumento ng pagkakakilanlan, tulad ng valid passport mula sa bansa ng iyong nasyonalidad   - patunay ng iyong status bilang permanenteng residente ng U.S., tulad ng valid na green card (opisyal na kilala bilang permanent resident card)</p>

## IKALAWANG BAHAGI (B): Mga detalye sa passport ng aplikante

Maging labis na maingat kapag inilalagay mo na ang mga impormasyon ng iyong passport.

**Kung mali ang passport number na iyong inilagay, maaaring hindi ka makasakay sa iyong flight papuntang Canada.**

- Sa mismong airport mo lamang malalaman kung nagkamali ka.
- Kung mangyari ito, kakailanganin mong mag-aplay ulit ng eTA.
- Depende sa iyong sitwasyon, maaaring hindi posibleng makakuha ng eTA nang biglaan.

**Mga tip upang siguradong mailagay ang tamang passport number:**

- Ilagay ang passport number na nasa itaas ng passport information page (ang **page kung nasaan ang iyong picture**).
  - Huwag ilagay ang number na nasa unang pahina ng iyong passport, o ang number na nasa ibaba ng page kung nasaan ang iyong picture.
- Madalas na nasa 8 hanggang 11 na karakter ang haba ng mga passport number. Kung mas maikli o mas mahaba kaysa dito ang numerong balak mong ilagay, itsek kung tama ba ang iyong numero.
- Binubuo ng kombinasyon ng mga titik at numero ang mga passport number. Labis na maging maingat pagdating sa titik O kumpara sa numerong 0, at sa letrang I kumpara sa numerong 1.
- Huwag maglagay ng anumang espesyal na karakter (tulad ng hyphen) o mga puwang.



<p>Vous ne pouvez pas copier-coller dans ce champ.</p>	<p>Hindi ka maaaring kumopya at mag-paste sa field na ito.</p>
<p>Nom(s)</p>	<p>(Mga) apelyido</p>
<p>Veillez entrer exactement comme il apparait sur votre passeport ou votre pièce d'identité</p>	<p>Mangyaring ilagay tulad ng eksaktong nakikita sa iyong passport o dokumento ng pagkakakilanlan.</p>
<p>Prénom(s)</p>	<p>(Mga) pangalan</p>
<p>Veillez entrer exactement comme il apparait sure votre passeport ou votre pièce d'identité</p>	<p>Mangyaring ilagay tulad ng eksaktong nakikita sa iyong passport o dokumento ng pagkakakilanlan.</p>



**Ang apelyido o last name ay tinatawag ding family name.**

**Ang pangalan o first name ay tinatawag ding given name.**

**Ilagay ang LAHAT ng (mga) pangalan tulad ng nakikita sa iyong passport.**

**Itinamang pangalan**

Kung may kalakip na manwal na pagtatama ng iyong (mga) pangalan sa observations section ng iyong passport, ilagay ang iyong (mga) pangalan tulad ng nakikita sa bahaging iyon. Ang observations page ay tumutukoy sa bahagi ng iyong passport kung saan maaaring maglagay ng mahahalagang tala (mga obserbasyon) ang mga awtorisadong immigration officer.



### **Relasyon sa asawa**

Kung may nakalagay sa itaas o ibabang bahagi ng iyong passport na "épouse de", "epse" o "ep." ("asawa ni"), o "asawa ni" , **huwag mong ilalagay** ito o ang pangalan ng iyong asawa sa mga field ng apelyido o pangalan na nasa application form.

Halimbawa: kung *Smith EP. Paul Sajan* ang nakalagay sa field ng apelyido sa iyong passport, at *John William* naman sa field ng pangalan, ilagay ang Smith sa field ng apelyido at John William sa field ng pangalan.

### **Mga titulo, ranggo, degree, karangalan**

Kung may nakalagay sa iyong passport na titulo, prefix, suffix, kuwalipikasyong pampropesyonal o pang-akademiko, sagisag ng karangalan, medalya, parangal, o namamanang katayuan, **huwag itong ilalagay sa application form**, maliban kung nasa zone ito ng iyong passport na nababasa ng makina (ang bahagi sa ibaba ng iyong picture at biyograpikong impormasyon, na minsang tinatawag na "barcode").

**Mga titik na hindi Alpabetong Romano:** Tanging mga karakter mula sa sulat/alpabetong Romano ang maaaring ilagay sa iyong application form. Halimbawa: Aa, Bb, Cc, at mga French accent tulad ng é, è, ê, ë, û.

Responsibilidad ng bansa ng iyong nasyonalidad na ipakita sa sulat Romano ang pangalang nasa iyong passport.



Ibigay ang iyong petsa ng kapanganakan, kasarian, bansa o teritoryo, at ang lungsod kung saan ka ipinanganak.

Kung hindi mo alam ang iyong eksaktong petsa ng kapanganakan, ibigay ang lahat ng impormasyon hanggang sa makakaya. Piliin ang iyong petsa ng kapanganakan, tulad ng makikita sa iyong passport.

Mula sa drop-down menu, piliin ang pangalan ng bansang nakalagay sa field ng Lugar ng kapanganakan na nasa iyong passport. Ilagay ang pangalan ng lungsod/bayan/baranggay na makikita sa field ng lugar ng kapanganakan na nasa iyong passport. Kung walang lungsod/bayan/baranggay sa iyong passport, ilagay ang pangalan ng lungsod/bayan/baranggay kung saan ka ipinanganak.

The screenshot shows a form with the following sections:

- Date of birth:** Three dropdown menus labeled "Select Year", "Select Month", and "Select Day".
- Gender:** A dropdown menu with "Please select" as the current selection.
- Country/territory of birth:** A dropdown menu with "Please select" as the current selection.
- City/town of birth:** A text input field with a note below it: "If there is no city/town/village on your passport, enter the name of the city/town/village where you were born."

<b>Français</b>	<b>Filipino</b>
Sélectionner année	Petsa ng kapanganakan
Sélectionner mois	Piliin ang Taon
Sélectionner jour	Piliin ang Buwan
Sexe	Piliin ang Araw
Pays ou territoire de naissance	Kasarian
Ville de naissance	Bansa/teritoryo ng kapanganakan
Si aucune ville ni aucun village n'est indiqué sur votre passeport, inscrivez le nom de la ville ou du village dans lequel vous êtes né.	Lungsod/bayan ng kapanganakan Kung walang lungsod/bayan/baranggay sa iyong passport, ilagay ang pangalan ng

	lungsod/bayan/baranggay kung saan ka ipinanganak
--	--

Piliin ang petsa kung kailan ipinagkaloob at ang petsa kung kailan mapapawalang-bisa ang iyong passport. Makikita mo ang impormasyong ito sa pahina ng iyong passport kung saan nakalagay ang iyong picture at petsa ng kapanganakan (tinatawag ding biodata page).

The image shows a digital form with two sections for date selection. The first section is 'Date of issue of passport' with three dropdown menus for 'Select Year', 'Select Month', and 'Select Day'. The second section is 'Date of expiry of passport' with similar dropdown menus. To the right is a sample passport biodata page for SARAH MARTIN, with red circles and lines highlighting the date '14 JAN 13' and '14 JAN 23'.

Français	Filipino
Date de délivrance du passeport	Petsa ng pagkakaloob ng passport
Sélectionner année	Piliin ang Taon
Sélectionner mois	Piliin ang Buwan
Sélectionner jour	Piliin ang Araw
Date d’expiration du passeport	Petsa ng pagkawalang-bisa ng passport
Sélectionner année	Piliin ang Taon
Sélectionner mois	Piliin ang Buwan
Sélectionner jour	Piliin ang Araw

## IKALAWANG BAHAGI (C): Mga personal na detalye ng aplikante

Itatanong sa bahaging ito ng form ang tungkol sa mga personal na detalye tulad ng iyong katayuang sibil at kung dati ka nang nag-aplay na pumasok o manatili sa Canada.

**Personal details of applicant**

**Additional nationalities**  
Indicate which countries/territories you are a citizen of.

Country/territory	Action
Please select	+ Insert
Afghanistan	

**Marital status** ?  
Please select

Have you ever applied for or obtained a visa, an eTA or a permit to visit, live, work or study in Canada?  
Yes

Unique client identifier (UCI) / Previous Canadian visa, eTA or permit number (optional) ?

Unique client identifier (UCI) / Previous Canadian visa, eTA or permit number (re-enter)

### ? **Unique Client Identifier (UCI)/Dating Canadian visa o permit number**

Kung nagsumite ka noon ng aplikasyon tulad ng study permit o work permit upang makapunta sa Canada, magkakaroon ka ng Unique Client Identifier (UCI).

Hanapin ang numerong ito sa mga liham na natanggap mo mula sa amin o sa ipinagkaloob na immigration document. Halimbawa: study permit, work permit, o visitor visa.

Kung hindi mo alam ang iyong UCI:

- ilagay ang "NA" sa field, o
- ilagay ang iyong immigration document number (halimbawa: study

### **Isa akong:**

#### **Kasal**

Dapat na kinikilala ang kasal sa ilalim ng mga batas ng bansa kung saan ito isinagawa at sa ilalim ng batas ng Canada.

#### **Ligal na Hiwalay**

Ang ibig sabihin ng hiwalay ay kasal ang dalawang tao ngunit hindi na namumuhay nang magkasama, at hindi na nila nais na muling mamuhay magkasama.

#### **Diborsiyado**

Ang ibig sabihin ng diborsiyado ay inaprubahan sa hukuman ang diborsiyo at winakasan na ang kasal. Hindi na kasal ang dalawang tao.

#### **Annulled o Napawalang-bisang kasal**

Ang annulled o napawalang-bisang kasal ay isang kasal na idineklarang hindi valid o kinikilala ng batas. Kapag ipinawalang bisa ang kasal, nangangahulugang hindi ito valid noong simula pa lamang.

#### **Biyudo/Biyuda**

Ibig sabihin, namatay na ang iyong asawa at hindi ka na muling nagpakasal o pumasok sa isang common-law relationship.

#### **Common-law**

Ang common-law partner ay isang taong kasalungat o kaparehong kasarian na iyong patuloy na kinakasama sa isang relasyong tila mag-asawa nang hindi bababa sa isang (1) taon, ngunit hindi kayo kasal. Kapag nagsasama o live-in na kayo sa unang taon, hindi matatapos ang relasyon dahil sa mga pansamantalang paghihiwalay.

#### **Hindi Kailanman Ikinasal / Single**

Hindi kailanman ikinasal o nagkaroon ng common-law relationship.

<b>Français</b>	<b>Filipino</b>
<p>Renseignements personnels du demandeur</p> <p>Nationalité supplémentaires</p> <p>Indiquez les pays ou les territoires dont vous êtes citoyen.</p> <p>Pays ou territoire</p> <p>Action</p> <p>+ Insérer une ligne</p> <p>État matrimonial</p> <p>Avez-vous déjà demandé une visa, une AVE ou un permis pour visiter, habiter, travailler ou étudier au Canada ?</p> <p>Identificateur unique de client (IUC)/Numéro de permis, AVE ou de visa canadien précédent (facultatif)</p> <p>Identificateur unique de client (IUC)/Numéro de permis, AVE ou de visa canadien précédent (inscrire à nouveau)</p>	<p>Mga personal na detalye ng aplikante</p> <p>Mga karagdagang nasyonalidad</p> <p>Tukuyin kung sa aling mga bansa/teritoryo ka mamamayan.</p> <p>Bansa/teritoryo</p> <p>Aksiyon</p> <p>+ Mag-insert ng Row</p> <p>Katayang sibil</p> <p>Nakapag-aplay ka na ba o nakakuha ng visa, eTA, o permit para bumisita, tumira, magtrabaho, o mag-aral sa Canada?</p> <p>Unique client identifier (UCI) / Dating Canadian visa, eTA, o permit number (opsiyonal)</p> <p>Unique client identifier (UCI) / Dating Canadian visa, eTA, o permit number (muling ilagay)</p>

## IKALAWANG BAHAGI (D): Impormasyon sa trabaho

Itatanong sa bahaging ito ng form ang tungkol sa iyong trabaho at mga kaugnay na detalye. Gamitin ang isinalin na listahan ng mga pagpipilian na makikita sa ibaba upang piliin ang iyong trabaho. Kung walang saktong naglalarawan sa iyong trabaho, pumili ng katulad nito.

**Employment information**


Occupation \*  
Business, finance and administrati

Job title \*  
▼

Please provide the name of the company, employer, school or facility as applicable. \*  
\_\_\_\_\_

Country/territory \*  
▼

City/town \*  
\_\_\_\_\_

Since what year \*  
\_\_\_\_\_ 

### a.) Trabaho

Piliin ang opsiyon na pinakamainam na naglalarawan sa iyong kasalukuyang sitwasyon sa trabaho. Tingnan ang listahan sa ibaba para sa mga pagpipilian.

### b.) Posisyon sa trabaho

Piliin ang opsiyon na pinakanaglalarawan sa iyong trabaho. Ibigay ang pangalan ng kompanya, employer, paaralan, o pasilidad ayon sa naaangkop.

### c.) Pangalan ng kompanya, employer, o paaralan

Ilagay ang pangalan ng iyong employer. Kung estudyante ka, ilagay ang pangalan ng iyong paaralan.

### d.) Bansa/teritoryo

Mula sa drop-down menu, piliin ang pangalan ng bansa kung saan matatagpuan ang iyong employer. Kung isa kang estudyante, piliin ang bansa kung saan matatagpuan ang iyong paaralan.

### e.) Lungsod/bayan

Ilagay ang pangalan ng lungsod/bayan kung saan matatagpuan ang iyong employer. Kung isa kang estudyante, piliin ang lungsod kung saan matatagpuan ang iyong paaralan.

### f.) Mula anong taon

Piliin ang taon na nagsimula kang magtrabaho o mag-aral sa iyong employer o paaralan.

### Trabaho \*

Trabaho sa industriya ng sining, kultura, libangan, at isports  
Trabaho sa industriya ng pananalapi at administrasyon  
Trabaho sa industriya ng edukasyon, law, at mga serbisyong panlipunan at pampamahalaan  
Trabaho sa industriya ng kalusugan  
Tagapangasiwa ng sariling bahay  
Trabaho sa management  
Trabaho sa manufacturing at utilities  
Militar/sandatahang lakas  
Trabaho sa natural at applied na agham at mga kaugnay nito  
Trabaho sa industriya ng likas na yaman, agrikultura, at kaugnay na produksiyon  
Nagretiro na  
Trabaho sa industriya ng pagbebenta at serbisyo  
Estudyante  
Mga operator ng trade, transportasyon, at equipment, at iba pang kaugnay na trabaho  
Walang trabaho

<b>Français</b>	<b>Filipino</b>
Renseignements sur l'emploi	Impormasyon sa trabaho
Occupation	Trabaho
Désignation de l'emploi	Posisyon sa trabaho
Nom de l'employeur ou de l'école, s'il y a lieu	Ibigay ang pangalan ng kompanya, employer, paaralan, o pasilidad, kung alin ang naaangkop.
Pays ou territoire	Bansa/teritoryo
Ville	Lungsod/bayan
Depuis quelle année ?	Mula anong taon

## IKALAWANG BAHAGI (E): Contact information

Hihingin sa bahaging ito ng form ang tungkol sa iyong contact information. Siguraduhing gumagana ang iyong email address. Gagamitin ito upang makipag-ugnay sa'yo tungkol sa iyong aplikasyon.

Kung nais, maaaring ilagay ng mga magulang na nag-aaplay para sa mga menor de edad ang sarili nilang email address.

**Contact information**

Preferred language to contact you \*

▼

Email address \*

Email address (re-enter) \*

Iginagalang ng Pamahalaan ng Canada ang [Official Languages Act](#) at tinitiyak na ang aming mga impormasyon at serbisyo ay mababasa sa parehong wikang French at Ingles.

Piliin ang gusto mong wika ng komunikasyon.

<b>Français</b>	<b>Filipino</b>
Coordonnées	Contact information
Langue de correspondance préférée	Gustong wika kapag nakikipag-ugnay sa'yo
Adresse électronique	Email address
Adresse électronique (inscrire à nouveau)	Email address (muling ilagay)

## IKALAWANG BAHAGI (K): Address ng tirahan

Hihingin sa bahaging ito ng form ang tungkol sa mga detalye ng iyong tirahan. Ilagay ang iyong permanenteng address ng tirahan. Huwag maglalagay ng address kung saan pansamantala ka lamang nakatira. **Huwag** maglalagay ng post office box – hindi tatanggapin ang iyong aplikasyon.

<p><b>Residential address</b> →</p> <p>Apartment/unit number (if applicable)</p> <input type="text"/>	<p><b>a.) Numero ng apartment/Unit (kung mayroon)</b> Ilagay ang numero ng apartment, unit, o suite number, kung mayroon man.</p> <p><b>b.) Street/civic number o pangalan ng bahay</b> Ilagay ang civic number o ang pangalan ng bahay ng address, kung mayroon. Huwag ilagay ang numero ng apartment, unit, o suite sa field na ito. Dapat itong ilagay sa field ng "apartment/unit number".</p> <p><b>c.) Street address/name</b> Ilagay ang pangalan ng kalsada, kasama ang standard identifier (tulad ng "Street," "Road," "Avenue," "Boulevard," atbp.). Halimbawa, katanggap-tanggap ang "Maple Avenue", pero hindi ang pinaigsing "Maple Ave.".</p> <p><b>d.) Line 2 ng street address/name (kung mayroon)</b> Ilagay ang karagdagang impormasyon tungkol sa street address, kung kinakailangan.</p> <p><b>e.) Lungsod/bayan</b> Ilagay ang pangalan ng lungsod o bayan kung saan ka nakatira.</p> <p><b>f.) Bansa/teritoryo</b> Piliin ang pangalan ng bansa o teritoryo kung saan ka nakatira.</p> <p><b>g.) Lalawigan/state (kung mayroon)</b> Piliin ang lalawigan o state kung saan ka nakatira.</p> <p><b>h.) Postal/ZIP code</b> Ilagay ang iyong postal/zip code.</p> <p><b>i.) Distrito/Rehiyon (kung mayroon)</b> Ilagay ang distrito o rehiyon kung saan ka nakatira.</p>
Street/civic number or house name *	
Street address/name *	
Street address/name line 2 (if applicable)	
City/town *	
Country/territory *	
District/region	

Français	Filipino
Adresse du domicile	Address ng tirahan
Numéro d'appartement ou d'unité (s'il y a lieu)	Apartment/unit number (kung mayroon)
Numéro de voirie ou d'immeuble ou nom de la maison	Street/civic number o pangalan ng bahay
Adresse de voirie ou nom de rue	Street address/name
Adresse de voirie ou nom de rue ligne 2 (s'il y a lieu)	Line 2 ng street address/name (kung mayroon)
Ville	Lungsod/bayan
Pays ou territoire	Bansa/teritoryo
District ou région	Distrito/rehiyon

## IKALAWANG BAHAGI (G): Impormasyon sa paglalakbay

Kung alam mo ang petsa ng iyong biyahe, sumagot ng OO sa tanong na "Alam mo ba kung kailan ka magbibiyahe papuntang Canada?". Ilagay ang taon, buwan, at araw na plano mong magbiyahe. Kung kumpirmado na ang mga detalye ng iyong flight, ilagay ang oras ng departure. Kung hindi mo alam kung kailan ka magbibiyahe papuntang Canada, piliin ang HINDI.

**Travel information**

Do you know when you will travel to Canada? ?

Yes

When do you plan to travel to Canada? ?

Select Year  Select Month  Select Day

Please enter the time your flight to Canada will depart ?

Select Hour  Select Minute  Select Time zone

Français	Filipino
<p>Renseignements sur le voyage</p> <p>Savez-vous quand vous parties au Canada?</p> <p>Quand avez-vous l'intention de vous rendre au Canada?</p> <p>Veillez indiquer l'heure de départ de votre vol à destination du Canada</p>	<p>Impormasyon sa paglalakbay</p> <p>Alam mo ba kung kailan ka magbibiyahe papuntang Canada?</p> <p>Kailan mo balak bumiyahe pumuntang Canada?</p> <p>Mangyaring ilagay ang oras ng departure ng iyong flight papuntang Canada</p>



## IKALAWANG BAHAGI (H): Mga tanong sa iyong background

Itatanong sa bahaging ito ng form ang tungkol sa iyong nakaraang kasaysayan sa paglalakbay at imigrasyon. Kung may sagot kang OO sa alinman sa mga sumusunod na tanong, ibigay ang lahat ng detalye hangga't maaari upang makatulong ito sa pagproseso.

### Background Questions

Have you ever been refused a visa or permit, denied entry to, or ordered to leave Canada or any other country/territory?

Please select

Have you ever committed, been arrested for, been charged with or convicted of any criminal offence in any country/territory?

Please select

Have you or a family member ever had or been in close contact with a person with tuberculosis?

Please select

Do you have a serious health condition for which you are receiving regular medical treatment?

Please select

Please briefly indicate if there are additional details pertinent to your application. For example, an urgent need to travel to Canada. Provide relevant details to avoid delays in the processing of your application.

### Unang tanong: Naranasan mo na bang tanggihang bigyan ng visa o permit, hindi payagang makapasok, o mautusang umalis ng Canada o anumang bansa/teritoryo?

Piliin ang OO kung naranasan mo nang tanggihang bigyan ng visa o permit, hindi payagang makapasok, o mautusang umalis ng Canada o anumang bansa/teritoryo. Kung pinili mo ang OO, sa bawat pagkakataon ay ilista ang bansang tinanggihan kang bigyan ng visa o permit o tinanggihan kang makapasok, pati na rin ang mga dahilang ibinigay sa iyo ng bansang iyon.

### Ikalawang tanong: Nakagawa, naaresto, nakasuhan, o nahatulan ka na ba ng anumang krimen sa kahit saang bansa/teritoryo?

Piliin ang OO kung nakagawa, naaresto, nakasuhan, o nahatulan ka na ng anumang krimen sa kahit saang bansa/teritoryo. Kung pinili mo ang OO, sa bawat pagkakataong ikaw ay naaresto, nakasuhan, o nahatulan, ilista kung saan (lungsod, bansa), kailan (buwan/taon), ang uri ng pagkakasala, at ang parusa.

### Ikatlong tanong: Sa nakalipas na dalawang taon, nadiyagnos ka na bang may tuberculosis o nagkaroon ka ba ng malapit na kontak sa isang taong may tuberculosis?

Piliin ang OO kung sa nakalipas na dalawang taon ay nadiyagnos ka na may tuberculosis o nagkaroon ka ng malapit na kontak sa isang taong may tuberculosis. Kung pinili mo ang OO, may lalabas na (mga) karagdagang tanong.

**Ikatlong tanong a): Ang pagkakaroon mo ba ng kontak sa tuberculosis ay resulta ng iyong pagiging health care worker?**

Piliin ang OO kung ang pagkakaroon mo ng kontak sa tuberculosis ay resulta ng iyong pagiging healthcare worker. Kung pinili mo ang OO, may lalabas na bagong tanong.

**Ikatlong tanong b): Nadiyagnos ka na ba na may tuberculosis?**

Piliin ang OO kung nadiyagnos ka nang may tuberculosis.

**Ikaapat na tanong: Mayroon ka ba ng isa sa mga kondisyong ito?**

Kung mayroon ka ng isa sa mga kondisyong ito- hindi ginagamot na syphilis, hindi ginagamot na adiksiyon sa drugs o alak, o hindi ginagamot na mental health condition na may kasamang psychosis, mangyaring piliin ito mula sa drop down menu. Piliin ang WALA SA NABANGGIT kung wala ka ng isa sa mga kondisyong ito.

## IKALAWANG BAHAGI (I): Pahintulot at pahayag

Sa kahong "Lagda ng aplikante" na nasa ibaba, ilagay ang iyong electronic signature sa pamamagitan ng pag-type ng iyong buong pangalan. Kung nag-aaplay ka sa ngalan ng ibang tao, ilagay ang pangalan ng taong iyon sa kahong "Lagda ng aplikante".

### Consent and declaration

Where biometrics are provided as part of an application, the fingerprints collected will be stored and shared with the RCMP. The fingerprint record may also be disclosed to law enforcement agencies in Canada in accordance with subsection 13.11(1) of the Immigration and Refugee Protection Regulations. The information may be used to establish or verify the identity of a person in order to prevent, investigate or prosecute an offence under any law of Canada or a province. This information may also be used to establish or verify the identity of an individual whose identity cannot reasonably be otherwise established or verified because of physical or mental condition. Canada may also share immigration information related to biometric records with foreign governments with whom Canada has an agreement or arrangement.

Information provided to IRCC is collected under the authority of the Immigration and Refugee Protection Act (IRPA) to determine admissibility to Canada. Information provided may be shared with other Canadian government institutions such as, but not limited to, the Canada Border Services Agency (CBSA), the Royal Canadian Mounted Police (RCMP), the Canadian Security Intelligence Service (CSIS), the Department of Foreign Affairs, Trade and Development (DFATD), Employment and Social Development Canada (ESDC), the Canada Revenue Agency (CRA), provincial and territorial governments and foreign governments in accordance with subsection 8(2) of the Privacy Act. Information may be disclosed to foreign governments, law enforcement bodies and detaining authorities with respect to the administration and enforcement of immigration legislation where such sharing of information may not put the individual and or his/her family at risk. Information may also be systematically validated by other Canadian government institutions for the purposes of validating status and identity to administer their programs.

#### Declaration of Applicant

Depending on the type of application made, the information you provided will be stored in one or more Personal Information Banks (PIB) pursuant to section 10(1) of Canada's Privacy Act. Individuals also have a right to protection and access to their personal information stored in each corresponding PIB under the Access to Information Act. Further details on the PIBs pertaining to IRCC's line of business and services and the Government of Canada's access to information and privacy programs are available at the Infosource website and through the IRCC Call Centre. Infosource is also available at public libraries across Canada.

I have read and understand the above declaration.

I declare that the information I have given in this application is truthful, complete and correct.

I understand that misrepresentation is an offence under section 127 of the Immigration and Refugee Protection Act and may result in a finding of inadmissibility to Canada or removal from Canada.

I agree that by typing my name and clicking sign, I am electronically signing my application.

I Agree

Signature of applicant

Français	Filipino
Déclaration du demandeur J'ai lu et compris la déclaration ci-haut.	Pahayag ng Aplikante Nabasa at naunawaan ko ang nabanggit na pahayag.

<p>Je déclare que les renseignements que j'ai fournis dans cette demande sont véridiques, complets et exacts.</p>	<p>Ipinahahayag ko na totoo, kompleto, at tama ang impormasyong ibinigay ko sa aplikasyong ito.</p>
<p>Je sais qu'une fausse déclaration constitue une infraction à l'article 127 de la Loi sur l'immigration et la protection des réfugiés et peut conduire à une interdiction de territoire au Canada ou à un renvoi du Canada.</p>	<p>Nauunawaan ko na ang maling representasyon ay isang pagkakasala sa ilalim ng seksiyon 127 ng Immigration and Refugee Protection Act at maaari itong magresulta sa hindi pagtanggap ng aking aplikasyon sa Canada o pagpapaalis mula sa Canada.</p>
<p>Je reconnais qu'en écrivant mon nom et en cliquant sur Signer, je signe cette demande par voie électronique.</p>	<p>Sumasang-ayon ako na sa pamamagitan ng pag-type ng aking pangalan at pag-click ng "sign", inilalagay ko ang aking elektronikong lagda sa aking aplikasyon.</p>
<p>J'accepte</p>	<p>Sumasang-ayon Ako</p>
<p>Signature du demandeur</p>	<p>Lagda ng aplikante</p>


Pagkatapos mong ilagay ang iyong pangalan o ang pangalan ng taong tinutulungan mong mag-aplay, i-click ang button na "Magpatuloy sa Pagbabayad". Pagkatapos, kakailanganin mong magbayad ng fee na may halagang \$7 CAD.

## **IKATLONG BAHAGI - Ano ang aasahan matapos mong isumite ang iyong aplikasyon**

Sa loob ng ilang minuto pagkatapos mong magbayad para sa iyong aplikasyon, dapat kang makatanggap ng email mula sa IRCC na kinukumpirmang natanggap ang iyong bayad. Kadalasan, makatatanggap din agad ang mga aplikante ng email na kinukumpirmang naaprubahan ang kanilang eTA pagkatapos maisumite ang aplikasyon.

Gayunpaman, maaaring mangailangan ng ilang araw ang ilang aplikasyon upang maproseso. Kung ganito ang kaso para sa iyong aplikasyon, asahang makatatanggap ka ng email na kinukumpirma ang iyong pagsusumite at isa pang email mula sa IRCC na ilalahad kung ano ang iyong mga susunod na hakbang.

Email mula sa IRCC na kinukumpirmang natanggap ang iyong aplikasyon


 Government of Canada / Gouvernement du Canada

**Status : Confirmation of receipt of eTA application**  
**Name :**  
**Passport number :**  
**Application number :**

Your application for an Electronic Travel Authorization (eTA) has been received. A review of your file is underway. You will be advised within 72 hours of next steps regarding your application.

At any time, you can check the status of your application by using the [eTA Check Status Tool](#). To do this, you will need the application number noted above and details from the passport you used to apply for your eTA.

At this time, you are not considered to hold a valid eTA. As such, you should not plan or undertake any travel to Canada by air. If you do decide to travel to Canada, you may experience delays or be prevented from boarding your flight and/or entering Canada.


Français	Filipino
<p>État: Confirmation de réception d'une demande d'AVE</p> <p>Nom:</p> <p>Numéro de passeport:</p> <p>Numéro de demande:</p> <p>Votre demande d'autorisation de voyage électronique (AVE) a été reçue. L'examen de votre dossier est en cours. Vous serez avisé dans les 72 heures des prochaines étapes concernant votre demande.</p> <p>Vous pouvez vérifier l'état de votre demande d'AVE en tout temps avec l'outil Vérifier l'état d'une demande d'AVE. Pour utiliser cet outil, vous avez besoin du numéro de demande susmentionné ainsi que des renseignements tirés du passeport que vous avez utilisé pour présenter votre demande d'AVE.</p> <p>À l'heure actuelle, vous n'êtes pas titulaire d'une AVE valide. Vous ne devriez donc pas planifier un voyage au Canada ou vous y rendre par avion. Si vous décidez de vous rendre au Canada, vous pourriez subir des retards ou vous voir refuser l'embarquement à bord de votre vol à destination du Canada ou l'entrée au pays.</p>	<p>Status: Kumpirmasyong natanggap ang iyong eTA application</p> <p>Pangalan:</p> <p>Passport number:</p> <p>Application number:</p> <p>Aming natanggap ang iyong aplikasyon para sa isang Electronic Travel Authorization (eTA). Kasalukuyang isinasagawa ang pagsusuri ng iyong file. Papayuhan ka sa loob ng 72 oras ng mga susunod na hakbang tungkol sa iyong aplikasyon.</p> <p>Maaari mong suriin kahit kailan ang status ng iyong aplikasyon sa pamamagitan ng paggamit ng eTA Check Status Tool. Upang gawin ito, kakailanganin mo ang application number na nabanggit sa itaas at ang mga detalye mula sa passport na ginamit mo sa pag-aaplay ng iyong eTA.</p> <p>Sa panahong ito, hindi ka itinuturing na may-hawak ng isang valid na eTA. Kaya naman hindi ka dapat magplano o magsagawa ng anumang paglalakbay papuntang Canada sakay ng eroplano. Kung magpasya kang maglakbay papuntang Canada, maaari kang makaranas ng</p>


	mga pagkaantala o mahadlangang sumakay sa iyong flight at/o makapasok ng Canada.
--	--

Kung nakatanggap ka ng email na kinukumpirmang natanggap ang iyong aplikasyon, maaari mong gamitin ang [eTA Check status tool](#) upang sundan ang progreso ng iyong application. Upang gawin ito, kakailanganin mo ang:

- application number na nagsisimula sa letter V na makikita sa taas ng email, at
- detalye mula sa passport na ginamit mo sa pag-aaplay ng iyong eTA.

Kapag naaprubahan na ang iyong aplikasyon, matatanggap mo ang sumusunod na email.





### I-check ang iyong passport number

I-check kung ang passport number na nakalagay sa email na nag-abisong naaprubahan ang iyong eTA ay eksaktong tumutugma sa iyong passport number. Kung hindi ito pareho, kailangan mo ulit mag-aplay.

**Kung mali ang nailagay mong passport number, maaaring hindi ka makasakay sa iyong flight papuntang Canada.**

- Sa mismong airport mo lamang malalaman kung nagkamali ka.
- Kung mangyari ito, kakailanganin mong mag-aplay ulit ng eTA.
- Depende sa iyong sitwasyon, maaaring hindi posibleng makakuha ng eTA nang biglaan.

### ILANG TIPS:

1. Maaari ka lamang mag-aplay at magbayad para sa isang tao sa bawat pagkakataon. Halimbawa, para sa pamilya na may tatlong miyembro, kailangan mong sagutan at isumite ang form nang tatlong beses.
2. Siguraduhing tingnan ang junk mail folder ng email address na inilagay mo sa iyong eTA application form. Maaaring harangan ng ilang spam filter ang mga awtomatikong email mula sa IRCC. Regular na tingnan ang folder dahil maaaring paminsan-minsang malipat ang mga email mula sa iyong inbox patungo sa junk mail.
3. Maaaring gamitin bilang sanggunian ang email ng kumpirmasyon, pero hindi mo ito kailangang i-print upang maglakbay. Ang eTA ay elektronikong naka-link sa iyong passport o travel document at may bisa ito sa loob ng limang taon o hanggang sa mag-expire ang iyong passport.
4. Kung naaprubahan ang iyong eTA pero **nagkamali ka sa nailagay mong detalye ng passport**, tulad ng maling passport number sa eTA application form, **hindi ka makasasakay sa iyong flight**. Upang maiwasan ang posibleng pagkaantala sa paglalakbay, tiyaking tama ang nailagay mong passport number.